Produced by:
Bureau of Agrarian Reform Information and Education (BARIE)
Communications Development Division (CDD)

Series of 2007

Patnubay na Praymer ng mga *Agrarian Reform Beneficiaries*

Sa anong kaso o sitwasyon na ang titulo ng lupa ay ibabalik sa gobyerno para igawad muli?

Ang lupain ay ibabalik sa gobyerno para igawad muli sa karapatdapat na magsasakang nangungupahan sa lupa na kinikilala ng DAR, alinman sa mga sumusunod na sitwasyon (MAR MC. Blg. 19, 1978)

- Ang magsasakang benepisyaryo ay namatay na walang tagapagmana
- Walang tagapagmana ng namatay ang kwalipikadong magsaka ng lupa
- Paglabag ng mga tagapagmana sa mga alituntuning nauukol sa paglilipat ng pagmamay-ari at iba pang naaayon na batas at alituntunin sa repormang agraryo

Mga Pinagkuhanan:

Patnubay na Aklat ng mga Paralegal sa Batas ng Reformang Agraryo (Vol. 1 at 3)

RA 6657

Administrative Issuances and Pertinent Memorandum Circulars (Books 1-10)

Kung ang isang benepisyaryo naman ay namatay, kanino ililipat ang pagmamay-ari sa lupa?

Ang mga sumusunod ay maaaring maging taga-pagmana ng lupa

- Mga benepisyaryong magsasaka ng namatay
- Kung ang mga tagpagmana ay diskwalipi-kado, sinumang benepisyaryong magsa-saka na karapat-dapat at rekomendadp ng Samahang Nayon (SN)

Maaari bang mahati o maibahagi sa mga kasapi ng kooperatiba ang lupang iginawad sa pan-galan ng kooperatiba na sakop ng CLOA?

Ang lupang saklaw ng CLOA na iginawad sa koop-eratiba o sa organisasyong magsasaka ay pwe-deng mahati base sa parte ng bawat kasapi at da-pat maging produktibo pa rin ang lupa kahit ibina-hagi na ito sa mga kasapi ayon sa DAR. *(DAR AO 3, serye 1993)*

Ano ang repormang pansakahan?

Ang repormang pansakahan ay ang muling pamamahagi ng mga lupain, maging anuman ang mga pananim o inaaning bunga, sa mga magsasaka at mga regular na manggagawa sa bukid na ***walang lupa***, na hindi isinasaalang-alang ang kaayusan ng pagmamay-ari, kalakip ang kabuuang batayan at tulong na paglilingkod na nilalayon upang mapataas ang kalagayang pangkabuhayan ng mga benepisyaryo at lahat ng iba pang kaayusang maaaring mapagpipilian sa muling pamamahagi ng mga lupain, gaya ng produksyon o pagpaparti ng kita, pangangasiwa sa paggawa, at ang pamamahagi ng saping puhunan, upang matanggap ng mga benepisyaryo ang makatwirang kaparti ng bunga ng kanilang lupang nilinang *(Sec. 3a, RA 6657, 1998)*

Sino ang tinutukoy na walang lupa ?

Sa ilalim ng batas, ang isang taong *walang lupa* ay yaong nagmamay-ari ng wala pang tatlong (3) ektaryang lupang sinasaka. *(Sec 25, RA 6657)*

Sa hanay ng mga walang lupa, sinu-sino sa kanila ang may prayoridad na maging benepisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP?

Nakasaad sa Sek. 22 ng RA 6657 ang mga sumusunod ay maaaring maging kwalipkadong benepisyaryo:

***A**gricultural lessees, share tenants*
Nangungupahan

***R**egular farmworkers*
Regular na manggagawa sa bukid ay mga permanenteng nagtatrabaho sa isang gawaing pang-agrikultura o sakahan

***S**easonal farmworkers*
Pana-panahong manggagawa sa bukid ay ang mga nagtatrabaho nang paulit-ulit o pana-panahon sa isang gawaing pang-agrikultura o sakahan, maging permanente o permanenteng manggagawa gaya ng "dumaan", "sacada", at iba pang katulad nito.

***O**ther farmworkers*
Iba pang manggagawang bukid na hindi regular o *seasonal* pero nagsasagawa ng mga gawaing saka na binabayaran para dito

***A**ctual tillers or occupants*
Tunay na nagbubungkal o nakatira sa lupan pampubliko

***C**ollectives or Cooperatives* ng mga nabanggit na benepisyaryo

***O**thers* o iba pang tuwirang nagtatrabaho sa lupa

Kung ang benepisyaryo naman ay umurong na sa karapatan nito sa lupa, ang lupa ay mailipat sa magiging bagong may-ari nito na ang mga kwalipikasyon ay katulad ng mga nabanggit.

Kung napatunayang may ilegal na transaksyon ang isang benepisyaryo sa lupang pinagkaloob sa kanya, sino ang maaaring maging bagong may-ari nito?

Sinumang tao na may katangian katulad ng mga sumusunod ay pwedeng magsumite na kanilang aplikasyon sa opisina ng MARO:

- Isang mamamayan na walang sariling lupa o di sapat sa tatlong ektarya ng lupa ang sinasaka;
- May kakayahan na direktang magbungkal ng lupa;
- Miyembro ng SN o isang karapat-dapat na rehistradong kooperatiba;
- Residente ng barangay o kalapit barangay ng parehong bayan kung saan matatagpuan ang lupa; at
- Maluwag ang kalooban na tanggapin ang obligasyon ng isang benepisyaryo batay sa naaprubahang halaga ng lupa

Kanino maaaring ilipat ang mga lupang naabandona ng benepisyaryo?

Ang mga maaaring paglipatan ng lupa ay ang mga sumusunod:

- Sinumang pinakamalapit na miyembro ng pamilya na tumulong sa benepisyaryo sa pagsasaka
- EP/CLT *holder* na may pinakamaliit na pagaaring lupa kaysa sa lupang ililipat at hindi magreresulta sa kabuuang laki na hindi lalagpas sa isinaad sa ilaim ng PD 27.

Maaari ring magsampa ng aplikasyon sa opisina ng MARO bilang benepisyaryo ang:

- Anak na lalaki ng sinumang OLT *beneficiary* na isang magsasaka at haligi ng tahanan;
- Walang sariling lupa o di sapat sa tatlong ektarya ng lupa ang sinasaka;
- May kakayahan na direktang magbungkal ng lupa;
- miyembro ng Samahang Nayon (SN) o ng isang karapat dapat na rehistradong kooperatiba,
- residente ng barangay kung saan matatagpuan ang lupa ; at
- nagkukusang tanggapin ang mga obligasyon bilang benepisyaryong magsasaka batay sa naaprubahang halaga ng lupa

***Farmworker* o manggagawang bukid —** isang tao na nagbibigay serbisyo bilang kawani o manggagawa sa isang *agricultural enterprise* o negosyong pansakahan na hindi isinasaalang-alang kung ang kanyang pasahod ay arawan, lingguhan, buwanan o pakyawan.

Mayroon pa bang ibang kategorya ang manggagawang bukid?

Ang DAR AO 9, serye 1998 ay nagtatakda ng 2 pang kategorya:

DAR AO 9 series of 1998 - Nakasaad sa administratibong utos na ito ang mga pamantayan at patakaran sa pagkuha, pagbibigay halaga, at pamamahagi ng mga *deferred* na sakahang pangkomersyo

- *Technical farmworker* – ay likas na tao na nagtatrabaho sa isang *agricultural enterprise* o saka na mataas ang pinag-aralan at may kasanayan at gumagawa ng mga gawaing nasa aspeto ng agham, inhinyero, panggagamot, pagtuturo at iba pa ngunit walang inaatas na trabahong pangangasiwa o pamamahala.

- *Manggagawang nangangasiwa o namamahala (managerial or supervisory employee)* – isang tao na nagtatrabaho sa isang *agricultural enterprise* na may kapangyarihan o karapatang:

- Magtakda at magsagawa ng polisiyang pangangasiwa;
- Tumanggap ng tao sa trabaho, maglipat, magsuspindi, magtanggal, magtakda ng gawain at magdisiplina ng mga manggagawa;
- Epektibong nagbibigay ng panukala sa mga hakbang o gawaing pangangasiwa.

Anu-ano ang mga pamantayang kwalipikasyon para maging isang benepisyaryo ng CARP ?

Ayon sa Sek 22, ng RA 6657, tatlo ang pangunahing kailangan para maging benepisyaryo ng CARP:

Landless
walang pagmamay-aring lupa, Pilipino at permanenteng naninirahan sa isang barangay o bayan

At least 15 years old
Nasa edad 15 anyos pataas o *head of the family* sa panahong inilipat ang lupa sa pangalan ng Republika ng Pilipinas; at

Willingness
May kusang-loob, abilidad, kaalaman at kasanayan sa pagsasaka at gawing

Sinu-sino ang kwalipikadong tagapagmana bilang *owner-cultivator*?

Ang mga sumusunod na patakaran ang iiral:

- Ang buhay pang asawa ang bibigyan ng unang pagkiling
- Sa kawalan o dahil sa permanenteng kawalan ng kakayahan ng buhay pang asawa, ang prayoridad ay itatakda ng mga tagapagmana batay sa edad ng mga ito
- Kapag marami ang mga tagapagmana, at sa kawalan ng *extra-judicial* na pag-aayos o pag-urong sa karapatan na papabor sa isang tagapagmana, malaya ang mga tagapagmana na pumili sa loob ng isang buwan ng isa mula sa kanila na magiging *owner-cultivator* batay sa kinakailangang katangian ng isang ARB. *(MAR MC 19, 1978)*

Paano kung ang natitirang tagapagmana ay menor de edad?

Kung ang tagapagmana ay menor de edad at hindi kwalipikado, siya ay kakatawanin ng kanyang tagapag-alaga sa pagsasaka hanggang maging kwalipikado ang menor de edad na panganay. Kapag siya ay hindi kwalipikado, ang susunod na panganay hanggang sa baba ang maaaring piliin. (*MAR MC No. 19, series of 1978)*

Kailan lamang maaaring ilipat ng ARB ang lupang iginawad sa kanya?

Ayon sa Sek. 27, Chapter VII ng RA 6657, ang paglilipat o pagsasalin ng lupa ay hindi maaaring ibenta, isalin o ipagamit sa iba sa loob ng 10 taon maliban na lang kung ito ay sa pamamagitan ng:

- Pamana *(hereditary succession);*
- Paglilipat sa gobyerno o LBP; o
- Sa iba pang kwalipikadong benepisyaryo

Kung ang lupa ay hindi pa nabayaran ng buo ng ARB, ang karapatan sa lupa ay maaaring mailipat o mapagkaloob sa iba, na may naunang pagpayag ang DAR, sa sinumang tagapagmana ng ARB o sa kanino mang ibang benepisyaryo na siya ang direktang magsasaka sa lupa bilang kondisyon para sa ganoong paglilipat.

Kanino dapat maililipat ang lupa kapag namatay ang ARB?

Sa ilalim ng MAR MC 19, seies of 1978, kapag namatay ang benepisyaryo, ang lupang pag-aari na nakamit nito sa ilalim ng *land transfer program* ay maisasalin sa kanyang mga tagapagmana sang-ayon sa mga itinakda ng New Civil Code of the Philippines. Ang naturang pag-aari ng lupa ay hindi maaaring mahati-hati at ang pagmamay-ari dito ay kailangang mailagay sa pangalan ng isang tagapagmana na nagtataglay ng mga katangian ng isang benepisyaryo.

Maaari pa bang mabigyan ng ibang parsela ng lupa ang may-aring magsasaka hiwalay sa lupang kanyang sinasaka?

Oo. Ang may-aring magsasaka ay maaaring mabigyan ng isa pang parsela ng sakahan basta't ang kanyang kabuuang pagmamay-ari sa lupang sakahan ay hindi lalampas sa 3 ektaryang limitasyon.

Puwede bang magkaroon ng benepisyaryo sa lupang walang umuukupa o nagsasaka?

Oo. Sa mga lupang walang umuukupa o nagsasaka, maaaring maging benepisyaryo ang:

- Mga kwalipikadong naninirahan sa barang-gay kung saan matatagpuan ang lupa
- Kung walang kwalipikado, ang mga naninirahan sa kalapit bayan ng nasabing lupa ay maaaring maging benepisyaryo

Ang asosasyon o kooperatiba ay puwede bang maging benepisyaryo ng CARP?

Ang asosasyon o kooperatiba ay isa sa mga natukoy na kwalipikadong benepisyaryo ng CARP. Subalit maaari lamang ito kung ang kanyang mga kasapi ay mga kwalipikadong benepisyaryo rin ng CARP.

Agad bang magiging benepisyaryo ang mga manggagawang bukid sa mga sakahang pangkomersyo?

Hindi. Dapat munang sumailalim sila sa mga sumusunod na kwalipikasyon base sa Sek. 22 ng RA 6657 at Sek. 4 ng DAR AO 9 Serye 1998.

At least 18 years old
Hindi bababa ang edad sa 18 taon sa panahon ng pagsumite ng aplikasyon bilang benepisyaryo;

Willingness
kusang loob, may kaalaman, kasanayan at abilidad sa paglinang at gawing produktibo ang lupa, at

Employed
nagtatrabaho sa sakahang pangkomersyo mula ika 15 ng Hunyo 1988 hanggang 15 Hunyo 1998 o sa pagtatapos ng termino ng *deferment*.

Deferment Period — tumutukoy sa sampung taona bilang simula sa produksyon at operasyon ng mga komersyo na nakasaad sa Sek. 11 ng RA 6657 kung saan ang pagkuha at pamamahagi ng mga sakahang pangkomersyo ay kinansela. (Sek. 3, AO 9 serye 1998)

Ano ang mangyayari kung ang ARB ay nagsuko ng kanyang karapatan sa lupa?

Ang isang ginawaran na nagsuko ng kanyang karapatan sa lupang pansakahan ay madidiskwalipika bilang ARB at mapapaalis mula sa pag-aaring lupa na nasa kanyang pagmamay-ari. Ang kwalipikadong pinakamalapit na miyembro ng pamilya o nangungupahang magsasaka na nabanggit sa ulat at rekomendado ng Regional Director ang siyang magiging kahalili. *(MAR MC No. 8, 1980)*

Maaari pa bang maisauli sa ARB ang kanyang naibayad sa Land Bank of the Philippines (LBP)?

Oo. Pero kung ang kahalili ay malapit na miyembro ng pamilya ng nadiskwalipikadong benepisyaryo, ang lahat ng naibayad ng huli ay maitatala pabor sa kahalili.

Gayunpaman, kung ang kahalili ay hindi miyembro ng pamilya, ang lahat ng naibayad ay mawawalan ng bisa at mapupunta pabor sa LBP at ang panghalili ay magbabayad ng hulog sa LBP ng buong halaga ng lupa. *(DAR MC No. 8, 1980)*

Kailan maaakusahan ang isang ARB ng pag-abandona sa kanyang lupa?

Ang mga lupang pansakahan ay maituturing na naabandona ayon sa mga sumusunod na kondisyon:

- Pagkabigong sakahin ang lupa dahil sa mga iba't ibang dahilan, maliban kung ito ay labas sa hindi kaangkupan ng lupa para sa mga pang-agrikulturang layunin ng mahigit dalawang taon, at bayaran ang amortisasyon sa parehong panahon.

- Permanenteng paglipat ng tinitirhan ng ARB at ng kanyang pamilya na nagdulot ng kawalan ng kakayahang magsaka sa kanyang lupa

- Pag-iwan/pagsuko sa pagmamay-ari ng lupa ng mahigit dalawang taon at pagkabigong bayaran ang hulog sa parehong panahon. *(MAR MC No. 4, 1983)*

Ano ang dapat gawin ng ARB kung gusto niyang isuko ang kanyang karapatan sa lupa?

Ang ARB na gustong magsuko ng karapatan sa kanyang loteng pansakahan ay kailangang magsampa ng *Waiver of Rights* sa MARO. Kailangan itong nakasulat at notaryado ng sinumang awtorisadong tao na mangangasiwa sa kanyang panunumpa. *(MAR MC No. 4, Series of 1983)*

Sakahang pangkomersyo– ito ay tumutukoy sa mga pribadong sakahang pang-agrikultura gaya ng taniman ng goma, cacao, kape, mga *cut flowers*, gulayan, palaisdaan, at iba pa.

Maaari bang maging benepisyaryo ang mga kababaihan?

Oo. Ang mga kababaihan ay kwalipikado na maging benepisyaryo. Maaari silang maging kwalipikado sa kanilang pagiging asawa o anak ng mga *Agrarian Reform Beneficiary* (ARB) o kaya'y mayroon silang hiwalay o malinaw at umiiral na interes o karapatan.

Malinaw at umiiral na interes o karapatan — tumutukoy sa karapatan o interes sa ari-arian na takda at hindi na bukas sa anumang pag-alinlangan o kontrobersya. Ang karapatan ay masasabing malinaw kung ang karapatan sa pagtamasa, maging pangkasalukuyan o panghinaharap, ay naging pag-aari na ng isang tao o mga tao bilang umiiral na interes.

Ang mga anak ng may-ari ng lupa ay agad din bang magiging benepisyaryo ng CARP?

Hindi. May mga kwalipikasyong dapat sundin bago sila mapabilang na benepisyaryo. Ang mga kwalipikasyong ito ay ang mga sumusunod ayon sa DAR AO 6, Serye 2006:

- Pilipino
- Hindi bababa sa 15 taong gulang sa panahon ng paggawad; at
- Nagbubungkal o direktang nangangasiwa ng sakahan mula Hunyo 15, 1988 hanggang sa panahon ng pagsasagawa ng imbestigasyon sa lupang sakop ng DAR

Sinu-sino ang mga hindi kwalipikado na maging benepisyaryo ng CARP?

Ang mga sumusunod ay hindi kwalipikadong maging benepisyaryo:

- Ang mga hindi napabilang sa seksyon 22 ng RA 6657;
- Ang mga hindi nakasunod sa itinakda ng seksyon 22 ng RA 6657;
- Ang mga may-sala sa pagbenta, paglipat o pagpabaya ng kanilang lupa na saklaw ng CARP o PD 27;

Agrarian Reform Beneficiaries

- Pagbenta, paglipat, pag-upa, o iba pang paraan ng paglilipat ng karapatan ng benepisyaryo sa lupa, o gumawa ng palusot sa RA 6657, PD 27, at iba pang batas sa repormang agraryo;
- Tuloy-tuloy na pagpapabaya o pag-abandona ng ARB sa lupa sa loob ng 2 taon at may hatol ng Kalihim ng DAR o ng kanyang awtorisadong kinatawan;
- Hindi pagbabayad ng kabuuang tatlong (3) magkakasunod na hulog sa *Land Bank* o sa may-ari ng lupa, maliban na lamang sa mga kasong di sinasadya;
- Pagpalit-gamit ng benepisyaryo ng iginawad na lupa sa hindi pang-agrikulturang gamit;
- Pagtanggi o pagpapabaya sa mga karapatan sa lupang iginawad;
- Pagbabalik ng lupang iginawad sa may-ari o ibang taong hindi benepisyaryo;
- Iba pang mga akto o hindi pagkilos na siyang palusot sa mga batas tungkol sa pagpa-patupad ng batas sa programang repormang agraryo; at
- Maling paggamit sa lupa.

Liberalized Terms
Hindi mahigpit pagdating sa pagpapautang ng gagamitin sa pagpapadami ng ani

Extension Services
Mga tulong serbisyo tulad ng pagtatanim, pag-ani ng mga produkto, pagbibigay ng kaalaman sa mga makabagong teknolohiya sa pag-aani, kasama na rin dito ang pagtulong sa mga aspeto ng pagnenegosyo at pamamahala ng mga kooperatiba at mga samahan ng mga magsasaka

Survey
Survey ng lupa at pagrerehistro ng titulo

Maaari bang makansela ang CLOA ng isang ARB?

Ang CLOA na iginawad ay maaaring kanselahin kung ang benepisyaryo ng CARP ay lumabag sa anuman sa mga sumusunod *(DAR MC 19, serye 1996):*

- Maling paggamit o sa ibang layunin ginamit ang suportang pinansyal at serbisyong iginawad sa ARB;
- Pagsisinungaling tungkol sa mahahalagang kwalipikasyon sa pagiging benepisyaryo sa ilalim ng sek. 22 ng RA 6657, PD 27, at iba pang batas sa repormang agraryo

- Ang mga lupang nailit ng *Land Bank* o di kaya'y muling nakuha ng may-ari ng lupa sa kaso ng *Voluntary Land Transfer/Direct Payment Scheme,* sa dahilang di pagbabayad ng kabuuang 3 taunang hulog.

Voluntary Land Transfer– ang may-ari ng lupang saklaw ng CARP ay boluntaryong magpapasya ng pagsalin ng lupa sa kwalipikadong benepisyaryo nito.

Direct Payment Scheme— ang kwalipikadong ARB ay direktang magbabayad ng napagkasunduang halaga ng lupa sa may-ari nito.

- Ang mga tao na ipinalit-gamit *(converted)* ang lupa sa gamit na hindi pang-agrikultura na walang pahintulot ng DAR; at
- Mga taong may sala sa pagpapabaya o maling paggamit sa lupa o ng suportang serbisyo na iginawad sa kanya *(Sek. 22, RA 6657)*

Sa sakahang pangkomersyo sinu-sino ang hindi kwalipikado na maging benepisyaryo ?

Ang mga sumusunod ay hindi kwalipikado na maging benepisyaryo sa sakahang pangkomersyo *(Sek. 5 DAR AO 9, Serye 1998):*

ismissal for a cause
pagkakatanggal sa trabaho ng may legal na dahilan at ayon sa isang pinal na desisyon ayon sa batas;

ptional retirement or resignation
Opsiyonal na pagreretiro o pagbibitiw sa trabaho; basta't walang kaso na inihabla ang manggagawang bukid o benepisyaryo na patungkol mismo sa pagreretiro o pagbibitiw;

utright waiver or refusal
Tahasang pagtanggi o pag-ayaw sa pagiging isang benepisyaryo;

andatory retirement
Pagreretiro dahil sa mga legal na dahilan;

iolation
Paglabag sa batas ng repormang agraryo at mga alituntunin ayon sa hatol ng naatasang korte o DAR matapos ang angkop na proseso ng pagdinig.

Sa mga babaing benepisyaryo, meron pa ba silang ibang karapatan?

Para palakasin ang kababaihang benepisyaryo, bibigyan ng DAR ng suportang pautang ang mga kwalipikadong kababaihan sa kanayunan na kasapi sa mga samahang papunta pa lang sa pagiging kooperatiba *(DAR MC 10 serye 1986/ DAR MC 4, serye 1992)*

Anu-anong mga serbisyong pang-suporta ang maaasahan ng mga benepisyaryo mula sa gobyerno?

Ang mga suportang serbisyo na ibibigay sa mga benepisyaryo ay ang mga sumusunod:

esearch
Pagsasaliksik, pag-aani at ang paggamit ng mga organikong abono o pataba at iba pang mga lokal na bagay na kinakailangan sa pagsasaka at pagbubungkal

nfrastructure
Mga istruktura tulad ng daanan, maliliit na dam, pampublikong mga kagamitan, at mga mahahalagang gamit sa pagnenegosyo, kasama na ang pag-iimbak

- 2.5% ng halaga ng taunang ani *(Annual Gross Production o AGP)* sa unang tatlong taon
- 5% ng halaga ng taunang ani sa ika-apat at ika-limang taon
- 10% ng halaga ng taunang ani simula ika-anim hanggang sa ika-tatlumpung taon kung ang halaga ng babayarang amortisasyon ay mas mababa sa regular na amortisasyon

Anu-anong mga karapatan meron ang benepisyaryong magsasaka sa ilalim ng CARP?

Bilang benepisyaryong magsasaka, sila ay may karapatan na:

- Mag-okupa, magsaka at magpanatili ng pagmamay-ari ng lupa
- Maglipat/magsalin ng naipagkaloob na lupa
- Magmay-ari ng lote para sa pabahay (*Homelot*)

Homelot— tumutukoy sa kapiraso ng lupang sakahan na pinagtatayuan ng permanenteng bahay ng mga ARBs at may lugar sa pag-aalaga ng hayop, gulyan, at iba pang maliit na industriya na pwedeng pagkakitaan. Ang lugar ay hindi dapat lalampas sa 1,000 metro kwadrado. *(AO 3 12 s 1991)*

Maaari bang pumili o magtakda ang may-ari ng lupa ng magiging benepisyaryo sa kanyang lupa?

Hindi. Ang pagpili at pagtakda ng benepisyaryo ay hindi tungkulin ng may-ari ng lupa. Ito ay tungkulin ng DAR at isinasagawa sa masusing proseso ayon sa isinasaad ng batas.

Sino ang may tungkulin na pumili at magtakda ng benepisyaryo ng CARP sa pribadong lupain?

Base sa listahan ng mga kwalipikadong benepisyaryo, ito ay sasalain ng Municipal Agrarian Reform Officer (MARO) o ng Agrarian Reform Program Technologist (ARPT), kasama ang Barangay Agrarian Reform Committee (BARC) ayon sa prosesong itinakda ng batas.

Para sa sakahang pang-komersyo, sinu-sino ang pumipili ng mga magiging benepisyaryo ng CARP?

Ang Barangay Screening Committee o BSC ang siyang pumipili at tumutukoy ng magiging mga ARBs sa sakahang pangkomersyo ayon sa Sek. 22 ng RA 6657. Ang mga ito ay binubuo ng mga sumusunod:

- Ang Provincial Agrarian Reform Officer (PARO), bilang Tagapangulo

- Ang Municipal Agrarian Reform Officer (MARO);
- Ang Tagapangulo ng Provincial Agrarian Reform Coordinating Committee (PARCCOM) o ang kanyang awtorisadong kinatawan.
- Ang Tagapangulo ng Barangay Agrarian Reform Committee (BARC) o kanyang awtorisadong kinatawan mula sa bawat barangay kung saan matatagpuan ang sakahang pangkomersyo;
- Ang Tagapangulo ng Barangay o kanyang awtorisadong kinatawan, mula sa bawat barangay kung saan matatagpuan ang sakahang pangkomersyo.

Anu-ano ang mga obligasyon ng ARBs matapos maibahagi sa kanila ang lupa?

Ayon sa DAR AO #10 s 1990 ang mga obligasyon ng ARBs ay ang mga sumusunod:

eep
Panatilihing buo ang lupa.

xercise
Ipatupad ang wastong gamit, pagsasaka at preserbasyon ng lupa.

xhibit
Ipakita ang pagkukusa, kakayahang magsaka at gawing produktibo ang lupa.

ay
Magbayad ng amortisasyon

Paano babayaran ng mga ARBs ang lupang ibinahagi sa kanya?

Ang mga ipinamahaging lupa ay babayaran ng mga benepisyaryo sa *Land Bank of the Philippines* sa loob ng tatlumpung (30) regular na taunang amortisasyon na may anim na porsyentong (6%) interes bawat taon base sa halaga ng lupa at ng mga nakatayong gusali at iba pang permanenteng istruktura dito. Upang gawing abot-kaya ang pagbabayad, ang mga amortisasyon ay babayaran ayon sa sumusunod na pamantayan:

Ang halimbawa ng mga ito ay ang mga sumusunod:

- Ang pasya ng Korte Suprema sa kasong *"Association of Small Landowners in the Phil., Inc. et al versus the Hon. Secretary of DAR (G.R. no. 78742, 14 July 1989)* na ang titulo sa lahat na mga lupang binili ng gobyerno ay maisasalin lamang kapag naibigay na ang kabuuang kabayaran sa may-ari ng lupa.

- Ang pagsasagawa ng *subdivision surveys* upang maitakda ang parsela ng lupa na ipamahagi sa pamamagitan ng *Emancipation Patent* o CLOA; at

- Ang pagtitipon ng mga titulo para sa pagpapatupad ng pagkaremata ng mga lupang nabili at naipamahagi sa pamamagitan ng EO No. 407 series of 1990 na naamendahan ng EO No. 448, Series of 1991.

Kailan mailalagay ang benepisyaryo sa isang lupang pangkomersyo?

Mailalagay ng PARO ang mga ARBs sa sakahang pangkomersyo sa loob ng pitong (7) araw mula sa pagpaparehistro ng CLOA.

Paano sinusuri at pinipili ng Beneficiary Screening Committee (BSC) ang magiging benepisyaryo ng CARP sa sakahang pangkomersyo?

Ang pagsusuri at pagpipili ay ayon sa mga sumusunod na hakbang:

Hakbang 1: Pagpapaskil ng Listahan ng Lupa

a. Listahan ng mga lupang saklaw ng CARP
b. Abiso ng Paanyaya sa mga interesadong partido o indibidwal
c. Pagsumite ng katibayan ng pagkwalipika

Pagpaskil sa listahan ng lupang saklaw ng CARP kasama ang abiso ng paanyaya sa mga interesadong partido o indibidwal

Hakbang 2: Paglilista

Paunang listahan ng mga ARBs

Paghahanda ng *Beneficiary Screening Committee (BSC)* sa paunang listahan ng maaaring maging benepisyaryo

Hakbang 3 : Pagpapaskil

a. Paunang listahan ng mga ARBs
b. Abiso ng pagdinig sa publiko

Pagpapaskil ng Komite ng listahan ng benepisyaryo sa mga lugar na madaling makita ang saklaw na lupa, sa barangay at sa bayan.

Hakbang 4: Pagdinig sa Publiko

Pagsusuri sa paunang listahan ng ARBs

Pagsasagawa ng pagdinig ng BSC upang masuri at masala ang paunang listahan ng benepisyaryo

Hakbang 5: *Pag-update*

Pag-update sa maaring maging benepisyaryo

Pagsasagawa ng BSC ng bagong listahan ng maaaring maging benepisyaryo

Hakbang 6 : Pagpapaskil

Pagpaskil ng bagong listahan ng maaaring maging benepisyaryo

Pagpaskil ng bagong listahan sa mga lugar na madaling Makita sa saklaw na lupa, sa barangay at bayan

Hakbang 7: Paggawa ng *Masterlist*

Pag-*update* ng listahan sa maaring benepisyaryo

Paghahanda ng BSC ng *Masterlist*

Ano ang pinagkaiba nito sa *Free Patent* at *Emancipation Patent*?

Ang *Free Patent* ay katibayan ng pagmamay-ari sa lupang pampubliko habang ang *Emancipation Pat*ent naman ay katibayan ng ARB sa pagmamay-ari ng lupang gawad sa *Operation Land Transfer.*

Emancipation Patent o EP– isang dokumentong nagpapatunay na inilipat na ang pagmamay-ari ng lupa dahil nabayaran na ng buo ng isang nagsasaka ang may-ari nito. (Agrarian reform laws in the Philippine setting, with Supreme Court Decisions on Agrarian cases, Executive and Administrative Orders and other Related laws, Jose Romero Joven, AB, MA, LLB, Revised Ed. Page 134)

Meron bang pagkakataon na ang mga magsasakang benepisyaryo ay nagmamay-ari ng lupa pero wala pa ding EP o CLOA?

Sa ilang mga pagkakataon, ang EP o CLOA ay hindi kaagad naibibigay habang hinihintay ang katuparan ng ilang mga legal at administratibong kinakailangan. *(AO #11, Series of 1991)*

Kung sakaling piliin ng mga ARB ang kolektibong pagmamay-ari, ilan ang limitasyon sa lawak ng sakahang lupa na maaaring maibahagi sa kanila?

Sa ilalim ng kolektibong CLOA, ang lawak ng lupa na pwedeng igawad ay hindi dapat lalampas ang kabuuang lawak nito sa dami ng kasapi ng kooperatiba o kolektibong samahan sa 3 hektaryang lupa na limitasyon sa CARP.

Maaari bang magkaroon ng hiwalay na lupang tig-3 ektarya ang mag-asawang ARB?

Oo. Sila ay maaaring mabigyan ng hiwalay na tig-3 ektaryang lupa basta't ang kanilang malinaw at umiiral na interes sa lupa ay naitatag na. Ang bawa't isa sa mag-asawa ay mabibigyan ng hiwalay na CLOA (*Sek. 2 D ng DAR AO 02, serye 1993)*

Anong dokumento ang magpapakita na ang ARB ay may-ari na ng iginawad na lupa ?

Ang *Certificate of Land Ownership Award* (CLOA) ay isang katibayan ng pag-mamay-ari ng ARB sa pribadong sakahang saklaw ng RA 6657.

CLOA — isang dokumento na nagpapatunay na ang may hawak nito ay isang benepisyaryo ng CARP at naglalaman ito ng mga alituntunin na nakasaad sa RA 6657 at iba pang naayon na batas. (AO # 3 s. 1990)

Bakit kailangang magpakita ng interes ang napiling magsasaka bilang ARB bago matapos ang araw ng pagpapaskil?

Sa sinusunod na proseso, ang sinumang potensyal na mga ARBs na hindi nagpakita ng interes bilang isang ARB bago lumampas sa itinakdang labing limang (15) araw na pagpaskil ng *masterlist* na ginawa ng BSC o ng DAR Municipal Office (DARMO) ay nagpapahiwatig ng pagbawi niya ng kanyang karapatan bilang isang ARB.

Ngunit kung ang pananakot ng dating may-ai ng lupa ang dahilan ng hindi niya pagpakita ng interes na maging isang ARB, kailangan niyang sumulat at ireport ang pananakot na iyon sa kahit saang opisina ng DAR sa loob ng tatlumpung araw (30) simula ng huling araw ng pagpaskil ng listahan.

Anu-ano ang mga dokumento na kailangang isumite para maging isang kwalipikadong ARBs?

Kailangan nilang magsumite ng mga sumusunod na dokumento na nagpapatunay na siya ay nararapat na maging isang benepisyaryo ng CARP sa loob ng labinlimang (15) araw magmula sa pagkapaskil ng listahan:

- Sedula o sertipikasyon galing sa barangay na nagpapatunay ng paninirahan sa lugar na iyon;

- Sertipikasyon galing sa pinagtatrabahuhan;
- Resibo ng sahod o listahan ng pasahod;
- Sertipikasyon ng kabuuang pag-aaring lupain mula sa tanggapan ng pagtatasang panglungsod/pangbayan (*municipal assessor);*
- Orihinal na kopya ng sinumpaang salaysay ng isang magsasaka kung siya ay biktima ng pagbabanta o pananakot ng may-ari ng lupa upang masuportahan ang karapatan ng isang panig na maisama sa paunang talaan bilang benepisyaryo ng repormang agraryo.
- Kopya ng sertipikasyon ng talaan ng mga botante
- Iba pang dokumento na may kaugnayan o magpapatunay na nagtatrabaho o may kaugnayan sa nabanggit na lupain

Maliban sa mga nabanggit na dokumento, kailangan ding dalhin ang iba pang naaangkop na dokumento tulad ng:

- Orihinal na sipi ng sinumpaan bilang benepi-syaryo at napanotaryohan;
- Orihinal o pinatunayang sipi ng utos o hatol ng hukuman o malahukumang lupon o ahensya ng gobyerno sakaling may kaso ang isang manggagawang bukid gaya ng pagtitiwalag;

Ilang ektarya ang maibibigay sa bawat ARB?

Bawat ARB ay maaaring mabahaginan ng tig-tatlong (3) ektaryang lupa, dahil ito ang sapat na sukat sa sakahang pampamilya na may mga sumusunod na katangian:

- Binibigyan ng pagkakataon ang epektibong paggamit ng mga yamang paggawa at kapital para sa magsasakang pamilya
- Makapagbigay ito ng sapat na kita o ani para mabigyan ng katamtamang (modest) antas ng kabuhayan ang magsasakang pamilya para sa pagkain, damit, bahay at edukasyon.
- Makakapagbigay ng sapat na puwang para sa taunang hulog sa lupa at sapat na reserba para sa mga pagbabago (*fluctutations*) sa kita (*21 Sek 166, Chapter XI ng RA 3844: Agricultural Land Reform Code)*

Posible bang hindi magawaran ng lupa ang ARB?

Oo. Kung hindi maaaring maging produktibo ang lupa kapag hinati at ibinahagi sa mga indibidwal, ito ay igagawad ng buo sa mga manggagawang benepisyaryo. Magagawa ito sa pagbuo ng mga kooperatiba ng manggagawa o samahan o kaya'y sa pamamagitan ng *co-ownership. (Sek. 29, RA 6657 at DAR AO 10, Serye 1990)*

Ikatlong Hakbang
DESISYON NG REGIONAL DIRECTOR

- Kailangang iresolba ng RD ang kaso sa loob ng 15 araw mula nang matang-gap ang mga dokumento
- Walang Mosyon para sa Rekonsiderasyon mula sa desisyon ng RD

↓

Ika-apat na Hakbang
APILA NG REKONSIDERASYON SA DAR USEC NG FOSSO

Maaaring umapila sa DAR Undersecretary ng Field Operations and Support Services (FOSSO)

↓

Ikalimang Hakbang
PAGRESOLBA SA PROTESTA

Desisyon ng DAR FOSSO ay pinal at maaari nang ipatupad

Kailan malalaman ng isang magsasaka na siya ang napili bilang benepisyaryo o ARB ng CARP?

Malalaman ng benepisyaryo na siya ang napili kapag natanggap na niya ang *CARP Beneficiary Certificate*. Siya ay pormal ring kokonsultahin ng MARO tungkol sa kanyang gustong paraan ng pamamahagi.

- Orihinal o pinatunayang sipi ng liham ng pagbibitiw para sa mga benepisyaryong manggagawa
- Orihinal o pinatunayang sipi ng nasabing pagtitiwalag o pagbabawas para sa mga benepisyaryo na manggagawang bukid
- Iba pang uri ng katibayan na magpapatunay ng pagkamarapat niya bilang benepisyaryo o pagkawala ng karapatan ng inaasahang maging benepisyaryo

Paano pinapalaganap ng DAR ang mga paanyaya sa mga kwalipikadong ARBs?

Para sa epektibong pagpapalaganap ng mga paanyaya, ang DAR Provincial Office (DARPO) ang siyang tutulong sa DAR Municipal Office (DARMO) sa pamamagitan ng mga *flyers, bandillo*, pagtitipon ng mga magsasaka para sa isang pulong at iba pa. Ang mga paanyaya sa mga magsasaka ay dapat tumatalakay sa mga sumusunod:

- Konstitusyunal na karapatan ng isang ARB;
- Mga kwalipikasyon/diskwalipikasyon ng isang potensyal na ARB;
- Mga paraan sa pagkilala, pagsala at pagpili ng mga ARBs;

- Mga karapatan at obligasyon ng ARB lalo na sa pagpapatupad ng *Affidavit of Waiver of Rights* para maging isang ARB o ang Affidavit of Potential ARB's Refusal na mapasama sa listahan ng mga potensyal na mga ARBs; at:

- Mga patakaran at pamamaraan sa pamamahagi ng lupa.

DAR AO No. 7 Series of 2003 — ang kautusang ito ang legal na batayan sa pagkilala, pagpili, at pagsala ng mga ARBs na walang lupa para magkaroon ng sariling lupa o maaari ring sa kolektibong paraan ng pagkakaroon ng lupa at paghati-hati ng mga inaning produkto sa mga may-ari nito.

Ano ang dapat gawin ng isang magsasaka kung nais niyang magprotesta sa resulta ng pagpili ng benepisyaryo?

Ang isang magsasaka na kung sa kanyang palagay ay mas karapat-dapat siyang piliin maliban sa mga natukoy ng BSC bilang benepisyaryo, maaari siyang magprotesta ayon sa mga sumusunod na proseso:

Unang Hakbang

PAGSUMITE NG PROTESTA

Maaaring magsumite ng nakasulat na protesta sa PARO, na siyang pinuno ng BSC sa loob ng 10 araw matapos ang pagpapaskil ng bagong listahan o *waiting list* ng mga maaaring maging benepisyaryo.

↓

Ikalawang Hakbang

PAGSUSURI O MULING PAGTINGIN NG BSC

Matapos ang 10 araw, agarang ipapadala ng PARO ang mga dokumento sa DAR Regional Director (RD)